

## PRAYER

- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos kung ano ang motibo mo sa tuwing magbibigay ka. Ipanalangin na patuloy niyang baguhin ang puso mo upang ang maging motibo mo lamang sa tuwing nagbibigay ka ay ang parangalan Siya.
- Ipanalangin na laging maging masaya para sa iyo ang pagbibigay. Ipanalangin na ang pagtitiwala mo sa Diyos ay maging buo kahit ano pa ang maging epekto nito sa iyo.
- Ipanalangin na habang nagbibigay ka nang may pagsasakripisyo, magawa mong tulungan ang iba na makilala rin ang Diyos. Ipanalangin na mahikayat mo sila na magtiwala rin sa Kanya nang lubusan.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## ALL THAT MATTERS

FILIPINO WEEK 3

### Ang sinabi ni Jesus sa Pagbibigay nang may Pagsasakripisyo

## WARM-UP

- Sino ang maituturing mo na hindi makasariling tao? Ano ang mga ginawa niya na nagpakita nito?
- Ano ang isa sa pinakamahalagang pagseserbisyo na ginawa ng isang tao para sa iyo? Paano nakatulong ang ginawa niyang ito sa iyo?
- Ano ang pinakamahalaga mong gamit? Kung kailangan mo itong ipamigay, kanino mo ito ibibigay at bakit siya ang napili mong pagbigyan?

## WORD

*“... Sapagkat silang lahat ay nagbigay lang ng sumobrang pera nila. Pero ang biyuda ay nagbigay sa kabila ng kanyang kahirapan. Ibinigay niya ang lahat ng kanyang ikinabubuhay.” MARCOS 12:44*

(Basahin din ang **MARCOS 12:41-43.**)

Sa talatang ito, si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay naupo malapit sa pinaglalagyan ng kaloob sa templo at pinagmasdan nila ang mga taong naghuhulog dito ng pera, kabilang na ang biyuda na inihulog ang lahat ng pera niya. Ang isang biyuda noong panahon ni Jesus ay malamang na walang pinagkukunan ng pera dahil hindi karaniwan sa mga babae noong panahon na iyon ang magtrabaho. Sa kabila ng kawalan ng seguridad sa pananalapi, ibinigay niya hindi lamang bahagi ng pera na mayroon siya, ngunit *lahat ng kanyang ikinabubuhay*. Sa araw na ito, titignan natin kung ano ang sinabi ni Jesus sa mga disipulo Niya tungkol sa mga mayayamang tao at sa biyuda na nagbigay ng pera sa templo.

**1****Ang mga mayayaman ay naghulog ng pera para mapansin.**

*Umupo si Jesus malapit sa pinaglalagyan ng mga kaloob doon sa templo at pinagmamasdan ang mga taong naghuhulog ng pera. Maraming mayayamang naghulog ng malalaking halaga.*

**MARCOS 12:41**

Noong panahong nasusulat sa Bibliya, barya lang ang uri ng pera na mayroon ang mga tao. Ang paghulog ng mga ito sa kahon na pinaglalagyan ng mga kaloob ay gumagawa ng tunog kaya nagiging kapansin-pansin sa mga tao sa paligid kung sino ang mga nagbibigay ng malaking halaga. Ang mga mayayaman ay nagbigay lang ng sumobra nilang pera. Malaki man ang halagang binigay nila, maliit ito kung ikukumpara sa yaman nila. Maaaring nagbigay sila para lang masabing sumunod sila sa utos o kaya naman ay para magpasikat sa mga tao. Maaaring minsan ay gumagawa tayo ng mga mabuting bagay nang wala naman ang puso natin sa Diyos o walang pagmamahal sa kapwa natin. Ngunit ang Diyos ay tumitingin sa mga puso natin at hindi sa mga ginagawa natin. Alam Niya kung totoo tayo sa Kanya o kung gusto lang nating makuha ang papuri ng mga tao. Ano ang mga maaaring ginagawa natin nang walang pagmamahal sa Diyos, at para lang makatangap ng papuri ng iba? Ano ang sinasabi ng Mateo 6:1-4 tungkol sa pagbibigay?

---



---

**2****Ang mahirap na biyuda ay nagbigay nang may pagsasakripisyo.**

*May lumapit doon na isang mahirap na biyuda at naghulog ng dalawang pirasong barya. **MARCOS 12:42***

Bagama't mukhang maliit na halaga ang ibinigay ng biyuda, ipinakita ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na mas malaki pa ang binigay niya kung ikukumpara sa pinagsamang halaga na ibinigay ng lahat ng nagbigay sa templo noong araw na iyon. Ang halaga ng kaloob niya ay ayon sa kung ano ang naging kapalit nito sa kanya. *Sa kabila ng kanyang kahirapan, ibinigay niya ang lahat ng kanyang ikinabubuhay.* Nakikita ng Diyos ang motibo ng mga puso natin, ang totoong halaga ng mga ibinigay natin, at kung nagbibigay tayo para sa ibang tao, para sa ating sarili, o para ipakita ang tunay na pagmamahal sa Kanya. Tulad ng ginawa ng biyuda, ang pagbibigay nang may pagsasakripisyo ay nagpapakita ng pagtitiwala natin sa Diyos. Kaya hindi tayo kumakapit sa kung ano ang mayroon tayo kundi nagbibigay tayo nang maluwag sa puso natin. May pagkakataon ba na sinabihan ka ng Diyos na hindi lang basta magbigay kundi magbigay nang may pagsasakripisyo?

---



---

**APPLICATION**

- Nagbibigay ka ba dahil alam mong tungkulin mong magbigay o nagbibigay ka dahil nagtitiwala ka na ibinigay ng Diyos ang lahat ng pangangailangan mo? Gusto mo bang magtiwala sa kakayahan ng Diyos na tustusan ang lahat ng pangangailangan mo?
- Ano ang mga dahilan na pumipigil sa iyo upang makapagbigay nang may pagsasakripisyo? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin para mapagtagumpayan ito ngayong linggo?
- Paano ka makapagbibigay nang may pagsasakripisyo sa isang kapamilya o kaibigan? Maglaan ng tiyak na araw kung kailan mo ito gagawin ngayong linggo.